# Referral Letter (sulat na pagsangguni) Para sa Department of Homeland Security (DHS o kagawarang pangkaligtasan ng tinubuang-lupa)

| | |
|---|---|
| | |
| **Apelyido ng Employee, Pangalan** | **Social Security Number ng Employee** |
| | |
| **A-Number ng Employee** | **Mga Number ng mga Papeles ng E mployee** |
| | |
| **Petsa ng na referred sa DHS** | **Case Verification Number (pagpapatunay sa kaso)** |

**Mga Dahilan sa Referral Letter na ito:**

- ☐ **Tentative Nonconfirmation sa DHS.** Hindi magkapareho ang kaalaman na ipinasok para sa employee na ito sa mga record ng U.S. Department of Homeland Security.
- ☐ **Di-magkaparehong Letrato na Humantong sa Tentative Nonconfirmation sa DHS.** Hindi magkapareho ang letratong ibinigay ng employee na ito para sa Form I-9, Employment Eligibility Verification (pagpapatunay sa pagkakarapat-dapat magtrabaho), sa letratong nasa mga record ng U.S. Department of Homeland Security.

## Mga Tagubilin para sa Employer (nagpapatatrabaho)

**M A H A L A G A**

Dapat pirmahan at lagyan ng petsa ng employee sa sumusunod.

1. I-review (pag-usapan) ang Referral Letter na ito (nang sariliahn) sa employee sa pinakamaagang panahong maari.
2. Tiyakin na wasto ang pangalan, Social Security number (SSN), U.S. Passport number, A-number, I-94 number at/o driver's license number o state ID card number na nasa taas ng Referral Letter na ito. Kung hindi tama ang kaalamang ito, dapat i-close (itigil) ninyo ang kasong ito sa E-Verify at magharap ng bagong kaso na mayroong tamang kaalaman.

   **MAHALAGA:** Kung hindi nakababasa ang employee, kailangang basahin ninyo ang Referral Letter na ito sa employee. Kung hindi nakaiintindi nang tama ng Ingles ang employee, at nagsasalita ng Kastila, Intsik, Haitian-Creole, Hapon, Koreyano, Ruso, Tagalog o Vietnamese, dapat bigyan ninyo ang employee ng Referral Letter na ito na nasa isa sa mga wikang ito, na mahahanap sa 'View Essential Resources (tignan ang mga pangunahing gamit-yaman)'.
3. Dapat ninyo at ng iyong employee na lagdaan at lagyan ng petsa ang Referral Letter na ito sa puwang na inilaan sa sumusunod.
4. Bigyan ninyo ang employee ng copy sa Ingles ng napirmahan na Referral Letter na ito sa Ingles at ikabit ang copy sa Form I-9 ng employee.

**Ganapin ang lahat ng mga nakalaan na puwang sa sumusunod.**

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| **Pangalan ng Employer** | | |
| | | |
| **Pangalan ng Kinatawan ng Employer** | | **Phone Number ng Kinatawan ng Employer** |
| | | |
| **Pirma ng Kinatawan ng Employer** | | **Petsa** |
| | | |
| **Pirma ng Employee** | | **Petsa** |

### Para sa Di-Magkaparehong Letrato LAMANG

Kailangan mong ganapin ang Referral Letter na ito at magpadala ng copy, kasama ang copy ng document ng letrato ng employee sa DHS. Maaari mong ikabit at i-submit ang digital copy ng document ng letrato sa E-Verify o ipada

ang paper copy sa DHS sa pamamagitan ng mabilisang pagpapadala ng nais mong tagapagpadala. HUWAG ipadala sa pamamagitan ng regular na United States Postal Services (USPS) na koreo.

| Mabilisang Tagapagpadala | Ikabit at I-submit |
|---|---|
| U. S. Department of Homeland Security- USCIS<br>10 Fountain Plaza, 3rd Floor<br>Buffalo, NY 14202<br>Attn: Status Verification Office (Tanggapan ng Pagpatutunay ng Kalagayan) – Pagtutugma ng Letrato | Gumawa ng digital copy ng document ng letrato ng employee (hal. Sa pamamagitan ng scanner o camera) at itabi ito sa iyong computer. Pagkatapos ikabit at i-submit ang copy sa E-Verify. |

# Mga Tagubilin para sa Employee

**Referral Letter** (sulat na pagsangguni) **Para sa Department of Homeland Security** (DHS o kagawarang pangkaligtasan ng tinubuang-lupa)

Ginagamit ng employer ninyo ang E-Verify, isang program na pinamamahalaan ng Department of Homeland Security (DHS o kagawaran ng kaligtasan ng tinubuang lupa) at Social Security Administration (SSA). Kino-compare (pinagtutulad) ng E-Verify ang mga kaalaman na inilagay ninyo sa Form I-9, Employment Eligibility Verification (pagpatutunay ng pagkakarapat-dapat sa pagtrabaho), sa mga record ng gobyerno para patunayan na napahintulutan kayong magtrabaho sa United States. Kung nagharap kayo ng Employment Authorization Document o Permanent Resident Card o U.S. Passport o Passport Card, pinapayagan ng E-Verify ang employer ninyo na siyasatin ang letrato ninyo sa document para tiyaking kapareho ito sa letratong pampamahalaan sa mga record ng DHS.

Tumanggap kayo ng Referral Letter na ito dahil ipinakita ng E-Verify na di-magkapareho ang mga record ng DHS sa kaalaman na ipinasok sa E-Verify mula sa Form I-9 ninyo. Tumanggap kayo ng 'Patalastas ng DHS sa Employee ng Tentative Nonconfirmation' at nagpasya kayong tutulan. Hindi ibig sabihin nito na nagbigay kayo ng maling kaalaman sa employer ninyo o na hindi kayo napahintulutan na magtrabaho sa United States.

Maaring mangyari ang DHS Tentative Nonconfirmation kung:

- Hindi tama ang pagka-record ng inyong pangalan, A-number, at/o I-94 number sa mga record ng DHS;
- Hindi mapatibayan ang kaalaman sa inyong U.S. Passport, Passport Card, driver's license o state ID card.
- Maaring hindi pa nasapanahon sa mga record ng DHS ang kaalaman tungkol sa inyo noong siniyasat sa E-Verify ang kaalaman tungkol sa inyo.
- Maaring nagbago ang inyong kalagayang pang-citizenship o immigration.
- May iba pang uri ng pagkakamali sa inyong DHS record.
- Hindi naipasok ng employer ninyo ang tamang kaalaman ninyo sa E-Verify.

## Ano Ang Kailangan Ninyong Gawin

1. Tiyakin na wasto ang pangalan, Social Security number, U.S. Passport number, A-number, I-94 number at/o driver's license number o state ID card number na nasa unang page ng Referral Letter na ito. Sabihin kaagad sa employer ninyo kung may maling kaalaman.

   **Sa Mga Foreign Sudent (Student Mula sa Ibang Bansa) at Exchange Visitor (Kapalit na Bisita) Lamang:** Hindi malulutas ng DHS ang case na ito kung hindi tama ang iyong Student Exchange Visitor Information System (SEVIS) record. Bago kayo tumawag sa DHS, subukang makiugnay sa iyong Designated School Official (tinakdang pinuno sa paaralan) o Responsible Officer (may-pananagutang pinuno) upang tiyaking tama ang iyong SEVIS record.

2. Dapat kayong tumawag sa DHS **sa loob ng 8 Federal Government workday** (araw ng pagtrabaho) mula sa petsa ng Referral Letter na ito, na hindi lalampas sa **MM/DD/YYYY,** upang lutasin ang inyong case.

   - **Para sa DHS Tentative Nonconfirmation tumawag sa 888-897-7781 (TTY: 877-875-6028)**

   Hindi maaring kumilos nang makasasama sa inyo ang employer ninyo dahil sa pagpasya ninyong tutulan ang TNC o habang hindi pa tapos ang kaso ninyo sa DHS. Kabilang sa mga makasasamang kilos ang: pag-terminate, pag-suspend ng pagtrabaho, pagpigil ng sahod o pagsasanay, pag-atraso ng panimulang petsa o anumang pagtakda sa pagtrabaho.

3. **Dalhin ang Referral Letter na ito kapag tumawag ka sa DHS.** Maaaring humingi sa inyo ng karagdagang kaalaman o mga document ang DHS upang makatulong sa paglutas ng iyong case.

4. **Mahalaga ang Referral Letter na ito** – magtabi ng copy para sa record ninyo.

5. Bigyan-alam kaagad ang employer ninyo kung magbago ang anumang kaalamang binigay ninyo na bunga ng pagtawag ninyo sa DHS para maisapanahon ng employer ninyo ang kanilang mga record.

## Para sa Karagdagang Kaalaman

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa E-Verify, kabilang ang aming mga gawing paglilihim at patakaran sa program, dalawin ang E-Verify website sa www.dhs.gov/E-Verify.

## Pag-uulat ng Mga Di-pagsunod

Kung naniniwala kayo ng di-sumunod ang employer ninyo sa mga patakaran ng E-Verify, o tinatrato kayo sa paraang discriminatory (may-pagtatangi) o di-makatwiran, pinapayuhan namin kayong magsumbong nito. Para magsumbong ng di-tamang paggamit, pakikialam sa inyong pansariling buhay ng employer at pangkaraniwang pagdaing ukol sa E-Verify, makiugnay sa 888-897-7781 (TTY: 877-875-6028 para sa masama ang pandinig) o mag-e-mail sa E-Verify@dhs.gov.

Para magsumbong ng discrimination sa pinagtatrabahuhan batay sa citizenship, immigration status o pinanggalingang bansa ninyo, o iba-pang di-tamang paggamit ng E-Verify, makiugnay sa Department of Justice [kagawaran ng katarungan], Civil Rights Division [sanghay pangkarapatan ng mga mamayan], Office of Special Counsel for Immigration Related Unfair Employment Practices (tanggapan ng tanging tagasangguni para sa mga di-makatwirang gawi sa trabahong may-kinalaman sa immigration) sa 800-255-7688 (TTY: 800-237-2515). Para sa karagdagang kaalaman, dalawin ang website ng Office of Special Counsel sa www.justice.gov/crt/osc.